Life Together

# Ang Mag-asawa

WEEK 1

## WARM-UP

- Kaninong kasal ang pinaka hindi mo malilimutan? Bakit?
- Isipin ang isang mag-asawa na hinahangaan mo. Ano ang hinahangaan mo sa pagsasama nila?
- Sa palagay mo, bakit nagiging mahirap ang pagsasama ng isang mag-asawa? Sa tingin mo, paano nila ito napagtatagumpayan?

## WORD

*21 Magpasakop kayo sa isa't isa bilang paggalang kay Cristo. 22 Mga babae, magpasakop kayo sa inyong asawa gaya nang pagpapasakop n'yo sa Panginoon. . . . 25 Mga lalaki, mahalin ninyo ang inyong asawa, tulad ng pagmamahal ni Cristo sa kanyang iglesya. Inihandog niya ang kanyang sarili para sa iglesya.* **MGA TAGA-EFESO 5:21–22, 25**

(Basahin din ang **MGA TAGA-EFESO 5:23–24, 26–33.**)

Ang unang bahagi ng liham ni Apostol Pablo sa mga Taga-Efeso ay nagkukuwento tungkol sa ebanghelyo. Sa ikalawang bahagi ng liham, ipinaliwanag niya na ang ebanghelyo at ang ating ugnayan kay Cristo ay dapat na makita sa lahat ng aspeto ng buhay natin. Kabilang dito ang lahat ng ating mga ugnayan. Maaari tayong mamuhay nang may pagmamahalan, pagkakaisa, at kapayapaan sa piling ng iba dahil sa dakilang pagmamahal ni Jesus sa atin at dahil sa pagkakakilanlan natin kay Cristo. Sa araling ito, titingnan natin ang pag-aasawa, isang banal na kasunduan sa pagitan ng isang lalaki at isang babae. Ayon sa Bibliya, ang pag-aasawa ay batay sa pagmamahal ni Cristo sa Iglesya. Ang pagmamahal na ito ay nagbibigay sa atin ng kakayahan na maisalamin Siya sa pamamagitan ng buhay, pag-aasawa, at iba pang mga ugnayan natin.

## 1 Dapat tayong magpasakop sa isa't isa bilang paggalang kay Cristo.

*[20]. . . Lagi kayong magpasalamat sa Diyos Ama sa lahat ng bagay bilang mananampalataya ng ating Panginoong Jesu-Cristo. [21]Magpasakop kayo sa isa't isa bilang paggalang kay Cristo.*
**MGA TAGA-EFESO 5:20–21**

Sinabi ni Apostol Pablo sa kanyang sulat na ang lahat ng ugnayan na mayroon tayo ay dapat na magpakita ng pagpapakumbaba, paggalang, at pagmamahal dahil nauunawaan natin kung sino si Cristo at kung ano ang ginawa Niya para sa atin. Ang pagpapasakop sa isa't isa ay nangangahulugan ng pagbibigay, pagpaparaya, at pagsang-ayon. Hindi ito madali at hindi ito ang inaasahang gagawin ng sinuman sa kasalukuyan. Sa popular na kultura, ang mga tao ay nakatuon sa kung ano ang makukuha nila sa pag-aasawa at sa pangangalaga ng kanilang mga personal na karapatan at pribilehiyo. Subalit sinasabi sa Bibliya na dapat tayong magpasakop sa isa't isa dahil kay Cristo. Ito ay pagpapakumbaba, paglilingkod, at pag-una sa pangangailangan ng iba bago ang ating mga pansariling pangangailangan. Ano ang *paggalang*? Sa palagay mo, ano ang ibig sabihin ng paggawa ng mga bagay *bilang paggalang kay Cristo?* Paano tayo dapat tumugon sa isa't isa kung susundin natin ang talatang ito?

## 2 Dapat na mahalin ni Mister ang kanyang Misis tulad ng halimbawang ibinigay ni Cristo.

*[25]Mga lalaki, mahalin ninyo ang inyong asawa, tulad ng pagmamahal ni Cristo sa kanyang iglesya. Inihandog niya ang kanyang sarili para sa iglesya [26]upang maging banal ito matapos linisin sa pamamagitan ng bautismo sa tubig at ng salita ng Diyos. [27]Ginawa niya ito para maiharap niya sa kanyang sarili ang iglesya na maluwalhati, banal, walang kapintasan, at walang anumang bahid o dungis.* **MGA TAGA-EFESO 5:25–27**

Malinaw ang mga pag-uugnay na ginawa ni Pablo sa mga talatang ito: Ang pagmamahal ni Cristo sa Iglesya ang batayan ng pagmamahalan sa pagitan ng isang mag-asawa. Sa pagbibigay ng kanyang pagmamahal, dapat na tularan ng asawang lalaki, o ni Mister, ang pagmamahal na ibinigay ni Cristo. Dahil minahal ni Jesus ang Iglesya hanggang sa punto ng kamatayan, paano kaya maipapakita ni Mister sa kanyang Misis ang ganitong uri ng pamumuno at pagmamahal?

## 3 Dapat na magpasakop si Misis sa kanyang Mister bilang paggalang kay Cristo.

*22 Mga babae, magpasakop kayo sa inyong asawa gaya nang pagpapasakop n'yo sa Panginoon. 23 Sapagkat ang lalaki ang siyang ulo ng kanyang asawa, tulad ni Cristo na ulo ng iglesya na kanyang katawan, at siyang Tagapagligtas nito. 24 Kaya kung paanong nagpapasakop ang iglesya kay Cristo, dapat ding magpasakop ang mga babae sa asawa nila sa lahat ng bagay.*

**MGA TAGA-EFESO 5:22–24**

Ang orihinal na disenyo ng Diyos para sa pag-aasawa ay sumasalamin sa Kanyang pagmamahal sa mundo. Habang ipinapakita ni Mister ang kanyang pagmamahal sa kanyang Misis, si Misis naman ay nagpapakita ng paggalang at pagpapasakop sa kanyang Mister gaya ng pagmamahal at pagpapasakop niya sa Panginoon. Hindi ito nangangahulugan na wala siyang tinig o opinyon. Tinutulungan ni Misis ang kanyang Mister na tuparin ang layunin ng Diyos para sa kanilang pamilya. Subalit kung makasalanan ang desisyon ng kanyang asawa, si Misis ay hindi inaatasang sundin ito. Naisasakatuparan lamang ang ganitong pagmamahalan at pagkakaisa dahil sa halimbawang ipinakita ni Jesus, at dahil sa Kanyang pagmamahal. Paano sumasalamin sa pagtitiwala ni Misis sa Diyos ang pagpapasakop niya sa kanyang asawa?

## APPLICATION

- Para sa iyong personal na buhay, ano ang ibig sabihin ng pagpapasakop sa isa't isa bilang paggalang kay Cristo? Paano mo ito maisasapamuhay ngayong linggo?
- Kung ikaw ay may-asawa, masasabi mo bang si Cristo ang nasa gitna ng inyong pagsasama? Ano ang handa kayong mag-asawa na gawin upang makita si Cristo sa pagsasama ninyo?
- Ano ang disenyo ng Diyos sa pag-aasawa? Paano makakatulong ang pagsasama ng isang mag-asawa upang akayin ang iba na kilalanin at sundin din si Cristo?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang salita na nagbibigay sa atin ng gabay tungo sa pagkakaroon ng mga maka-Diyos na ugnayan at paraan ng pamumuhay.
- Ipanalangin ang iyong asawa kung ikaw ay may asawa na. Hingin sa Diyos na biyayaan ang inyong pagsasama, at ipanalangin na manatili si Cristo sa sentro ng inyong pagsasama.
- Ipanalangin na sa relasyon ninyong mag-asawa, patuloy kayong magpapasakop sa isa't isa bilang paggalang kay Cristo. Ipanalangin ang karunungan, pagtitiyaga, at biyaya upang ang inyong mga relasyon ay maka-akay sa iba tungo kay Cristo.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2021 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

victory.org.ph